**Presidential Communications Operations Office**
**News and Information Bureau**

**INTERVIEW WITH PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE**
**BY MEANNE LOS BAÑOS, ATTY. BRUCE RIVERA AND ATTY. JESS FALCIS / BOLJAK/DWFM**
**March 7, 2018 (9:00 A.M. – 9: 03 A.M.)**

**ATTY. RIVERA:** Sec. Harry Roque, Attorney Bruce po ito.

**SEC. ROQUE:** Good morning, Atty. Bruce.

**ATTY. RIVERA:** Yes, DDS supporter but, of course, not a blind one. So ito question lang: Humingi ba tayo ng tulong sa EU para sa ating rehabilitation?

**SEC. ROQUE:** Hindi po. In fact, ang konteksto nito, mayroon po tayong tulong na tinanggihan kasi mayroong conditionalities po. So ang sabi ng Presidente, sa inyo na lang iyan dahil mas importante sa amin iyong aming soberenya at iyong karapatan na maging malaya, at maging malaya nga doon panghihimasok ng EU. So iyan po iyong konteksto.

Now, iyong pagbigay po nila sa kampaniya laban sa droga, iyan po'y siguro dahil na-realize nila na hindi talaga pupuwede na palagi na lang binabatikos ang Presidente dahil dito sa giyera laban sa droga. At na-realize nila na kung talagang gusto nilang magkaroon ng normal na relasyon sa Pilipinas, susuportahan na lang nila iyong kampaniya laban sa droga at hindi nila panghihimasukan, na tututulan na palagi na lang human rights violation.

Kaya nga naman sa panig po ng Malacañang, nagpasalamat naman po tayo diyan dahil malaking halaga rin iyan – 240 plus million pesos. At ito po kasi ay isang pagkilala na talagang importante itong laban sa droga, at bagama't sila ay pumupula paminsan-minsan ay hindi naman siguro systematic violations ng human rights ang kanilang nirereklamo. Dahil kung systematic violations of human rights iyan, dapat ni isang euro ay hindi sila nagsusuporta.

So itong suporta pong ito ay hindi lang makakatulong sa mga drug rehab efforts, ito po ay isang mensahe rin na sa wakas ay nakita ng Europa (unclear) droga; ito'y problema hindi lang sa Pilipinas kung hindi sa buong mundo. At nung kailan lang ay may nakuhanan sa isang European country na napakalaking cocaine shipment na galing sa Colombia. So sila rin sa Europa alam nila na may problema rito. At ang Pilipinas ay ginagamit ngayon bilang transshipment point hindi lang sa Asya kung hindi maging sa Europa.

**ATTY. RIVERA:** Spox, isa pang question. Kasi, of course, may mga ka-Duterte supporters' tayo na nagki-claim that they were responsible for the aid. Ako gusto ko lang klaruhin ha, kasi because of course ang lumalabas ay parang humihingi tayo ng tulong sa international community to give us money for our rehabilitation.

So you made it very clear, Spox, na walang ganoon. And in fact, I want to ask if ito bang tulong sa rehabilitation mayroon bang kaakibat na kundisyones ito na puwedeng sabihin natin na hindi natin tatanggapin iyong aid if there is this condition?

**SEC. ROQUE:** Wala pong kundisyones po ito at hindi rin po natin hiningi ito. Ito po ay isang pahiwatig ng mga Europeans na nais nilang magkaroon nang mas normal na relasyon sa atin sa pamamagitan ng pagbigay ng suporta doon sa pinakaimportante programa ng ating Presidente, iyong laban sa pinagbabawal na gamot.

**LOS BAÑOS:** And I guess, Secretary, kilala na ng EU si Pangulong Duterte kung gaano katindi iyong… iyong hard stance niya dito sa anti-drug campaign. So oras na makialam na naman sila o may sabihin sila, mukhang expected na nila na ibabalik sa kanila ito ni Pangulo. Ganoon iyon, sir?

**SEC. ROQUE:** Oo, ganoon po iyon. (Unclear) sa kanila na ang pera kung may kundisyones; pero kung kagaya nito na walang kundisyones at tutulong sa gobyerno ay tatanggapin. Kailangan ko na pong magpaalam kasi nandito na po ako sa (unclear)…

**ATTY. RIVERA:** Thank you. Thank you, Spox Roque. Salamat po.

###